

MGA SARILING KOMPOSISYON NG MGA PANITIKANG PAMBATA AT ANTAS NG PANG- UNAWA SA PAGBASA

DANICA LORRAINE P. GARENA¹

Dr. IMELDA G. CARADA²

17-fil-fs-293@lspu.edu.ph¹

Imelda.carada@lspu.edu.ph²

0000-0003-2993-3608¹

0000-0003-3843-2653²

Laguna State Polytechnic University Brgy. Del Remedio, San Pablo City Campus

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang mabatid ang pananaw ng mag-aaral sa paggamit ng mga sariling komposisyon ng panitikang pambata at antas ng pang-unawa. Sa pag-aaral na ito binibigyang katugunan ang mga sumusunod na katanungan: Ano ang pananaw ng mga tagasagot sa paggamit ng mga Sariling Komposisyon ng Panitikang Pambata batay sa nilalaman, layunin, disensyo/istilo, kasanayan/gawain; Ano ang antas ng pang-unawa ng mga tagasagot sa paggamit ng mga Sariling Komposisyon ng Panitikang Pambata batay sa Pang-unawang Literal at Pang-unawang Kritikal; May makabuluhang kaugnayan ba ang pananaw ng mag-aaral sa paggamit ng mga Sariling Komposisyon ng Panitikang Pambata at Antas ng Pang-unawa sa Pagbasa; Ang pamamaraang palarawan-correlation ang ginamit ng mananaliksik upang makalap ang mahalaga at makatotohanang impormasyon na kinakailangan sa pag-aaral. Ang istatistikal na pamamaraan na ginamit sa pagsasaliksik ay weighted mean at standard deviation para sa pananaw ng mga tagasagot sa Mga Sariling Komposisyon ng Panitikang Pambata at Antas ng Pang-unawa sa Pagbasa. Upang maipakita ang kaugnayan ng paggamit ng Mga Sariling Komposisyon ng Panitikang Pambata at Antas ng Pang-unawa sa Pagbasa ay ginamit ng mananaliksik ng Frequency at Colleration (Pearson r) Sa naging pag-aaral lumabas ang mga sumusunod na mean: Para sa pananaw ng mga tagasagot sa Mga Sariling Komposisyon ng Panitikang Pambata batay sa layunin (3.53), nilalaman (3.58), disenyo/istilo (3.63), at kasanayan o gawain (3.59) at ang kinalabasan ng resulta sa Antas ng pang-unawa sa pagbasa batay sa Pang-unawang Literal at Pang-unawang Kritikal, ay nagkaroon ng frequency na 75 at may kabuoang 100 na porsiyento. Bilang pangkalahatang pagsusuri sa pananaw ng mga tagasagot sa paggamit ng mga Sariling Komposisyon ng Panitikang Pambata. Batay sa resulta ng pag-aaral, natuklasan na may mataas na pananaw ang mga mag-aaral sa antas ng pang-unawa sa pagbasa sa paggamit ng mga sariling komposisyon ng panitikang pambata. Nakatulong ang paggamit ng mga sariling komposisyon ng mga panitikang pambata upang mapataas ang antas ng pang-unawa sa pagbasa. Batay sa sa naging resulta ng pag-aaral, walang makabuluhang kaugnayan ang Replektibong Dulog sa Pagtuturo at Kasanayan sa Pagbigkas ng Talumpati.

Mga susing salita: Komposisyon, Panitikang Pambata, Antas ng Pang-unawa, Pang-unawang Kritikal, Pang-unawang Literal